# Muwang ng Musmos

I. Kailan kaya nila ako uuwian?

II. MaPa

III. Sama-sama

IV. Paalala ni Lola

V. Alam nyo po

VI. Mamula-mula

VII. Miming

VIII. Trak

IX. Guhit

X. Alamat

XI. Laruan

**Kailan kaya nila ako uuwian?**

Malamig na silid,
    Umuulan
Kailan kaya nila ako uuwian?

Mainit na sopas,
    Lumalamig nalang
Kailan kaya nila ako uuwian?

Kumukurap na ilaw
    Mapupundi nalang
Kailan kaya nila ako uuwian?

Napakalakas ng hangin at ulan,
    Baha ay hanggang dibdib nalang,
Kailan kaya nila ako uuwian?

Hindi ako marunog lumangoy,
    Malulunod nalang
Kailan kaya nila ako uuwian?

**MaPa**

Papa ko!
Papa ko ay guwapo

Mama ko!
Mama ko maganda

Mama ko!
Papa ko parehas sila

Si Tita ko!
Si Tito ko maswerte raw ako

Mama ko
Papa ko mahal ako

Kahit…

Mama ko
Papa ko may kaso

Dahil…

Mama ko
Papa ko adik sa bato

**Sama-sama**

Pat-pat
Papel
at Sinulid
Sarangola nagawa ko
Tara lipad tayo

Papel na tiniklop:
May Bangka at eroplano ako
Tara byahe tayo

Bulaklak na maliliit,
Pinagdugsong-dugsong ko.
May korona ako
Tara parade tayo

Si Mama at Papa ko kaya
Pagsamahin ko
Tara subukan natin

Sana magawa ko
Para naman mabuo pamilya ko
Tara tulog nalang tayo
Baka sa panaginip magkatotoo.

**Paalala ni Lola**

Kumain ng maraming Mangga,
    Para bungang-araw managana

Kumain ng maraming kendi
    Para ngipin humapdi

Kumain ng maraming sorbetes
    Para umubo ng maraming beses

Kumain ng marami kahit kamay ay marumi
    Para dumami sa tiyan mga bulate

Kumain ng maraming tsokolate,
    Para lalamunan mo'y mangati

Naalala ko ang sabi ni Lola,

"Kumain lang ng tama,
    Lahat ng sobra ay masama".

Parati niyang bigkas
    Bago siya namayapa.

**Alam nyo po**

Alam nyo po…
    Kahit nilalait
    at tinatawanan nyo po ako

Alam nyo po…
    Kahit panget
    at maitim po ako

Alam nyo po…
    Kahit mahina
    at lampa po ako

Alam nyo po…
    kahit maliit
    at bunso po ako

Alam nyo po…
    Kahit ngo-ngo po ako
    mahal ko po kayo

Alam nyo po…
    Kahit walang
    Alam nyo too.

**Mamula-mula**

Napakasarap titigan
Mabilog mong katawan

Napakandang hubog
Kaakit-akit, kay inam

Mamula-mula mong pisngi
Nakakagigil titigan

Makinis mong balat
Kumikinang-kinang

Napaka sariwa mong tingnan
Mansanas kong hirang.

**Miming**

Si Miming ko
Aking alagang paborito,

Kasa-kasama sa pag lalayas
Pati sa pag-tulog ko.

Malusog
Malinis
Alagang-alaga
Si Miming ko.

Gustong-gusto
Ng Intsik na kalaro ko

Kaya laking gulat ko
Nung nawala ito.

Iyak ako ng iyak
Sa pagkawala nito

Kinabukasan
Nakita ko kahawig ng balahibo nito
Sa basurahan ng kalaro ko

Umiyak ulit ako
Noong sinabi ng Nanay ko…

…ipinalaman si Miming ko
Sa siopao ng kalaro ko.

**Trak**

Trak ng basura
Bote
Bakal
Plastik
Lata

Kalkal basura
Pambigas
Sardinas
Tuyo
Tinapa
Swerte pag tuna

Pag may natira
Himala
May riserba pa

Pag walang trak ng basura
Tutong at asin pansapin sa sikmura

Hirap pala talaga
Maging solo
at batang Ina
ng lima

**Guhit**

Pang-guhit ng linya
Sumunod, pangalan na

Pang-guhit ng hugis,
Sumunod may wangis na

Pang-guhit ng numero,
Ngayon sugal na

Pang-guhit sa papel,
Ngayon sa kilay na

**Alamat**

"Noong unang pnahon"…
Yan parati ang simula:

May taong masama
May diwata
May sumpa
May parusa

Sa bandang huli,
Mawawala
May tutubo
May uusbong
May susulpot

Panibagong halaman
Panibagong prutas
Panibagong gulay
Panibagong buhay

Babansagan hango sa pinarusahan,
Hango sa lugar na pinaggalingan
Hango sa araw na nawala

Di tatagal
Yan na ang tawag sa nilalang

Ewan ko lang kung may natutunan
Kung may patunguhan

Kung wala
Nasayang na aral nanaman.

**Laruan**

Piko
Bahay-bahayan
Taguan
Mga paborito ko

Luksong baka
Luksong tinik
At wan bay wan
Nilalaro ko rin

Pero ang pinaka gusto ko
Yung laruang kagaya ng sa kaibigan ko

Pinabibili ko si Nanay ko
Ayaw nya

Sabi nya
Hindi daw laruan ito

Hindi daw laruan ang Ligo.